

## M-CHAT-R<sup>TM</sup>

Pakisagot ang mga sumusunod na katanungan tungkol sa inyong anak. Isaisip ang inyong anak habang sinasagot ang mga sumusunod na tanong. Kung ang mg sumusunod na pag uugali ay bibihira (minsan o dalawang beses) lamang o hindi naoobserbahan sa inyong anak, maari po lamang na pakisagot na hindi. Paki biluga ang sagot na oo o hindi sa bawat tanong. Maraming Salamat.

|    |                                                                                                                                                                                                                                                                                     |    |     |
|----|-------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|----|-----|
| 1  | Kapag may tinuturo ka sa kabilang bahagi ng silid, tinitignan ba ng anak mo ang iyong tinuturo? (Halimbawa, kapag tinuturo mo ang isang laruan o hayop, tinitignan ba niya ang laruan o hayop?)                                                                                     | Oo | Hir |
| 2  | Naisip mo ba kung bingi ang iyong anak?                                                                                                                                                                                                                                             | Oo | Hir |
| 3  | Ang anak mo ba ay naglalaro ng mga larong kailangan niyang magkunwari? (Halimbawa, kunwaring umiinom mula sa tasang walang laman, kunwaring nakikipag-usap sa telepono, o kunwaring nagpapakain ng manika o laruang hayop?)                                                         | Oo | Hir |
| 4  | Mahilig bang umakyat sa mga bagay ang iyong anak? (Halimbawa, mga upuan, mesa, kagamitan sa palaruan o hagdan)                                                                                                                                                                      | Oo | Hir |
| 5  | May mga kakaibang galaw bang ginagawa ang iyong anak na gamit ang kaniyang mga daliri habang nilalapit ito sa kanyang mga mata?                                                                                                                                                     | Oo | Hir |
| 3  | Ang anak mo ba ay nagtuturo ng isang bagay gamit ang isang daliri para hingin ito o kaya'y para humingi ng tulong? (Halimbawa, nagtuturo sa pagkain o laruan na Hindi niya abot)                                                                                                    | Oo | Hir |
| 7  | Ang anak mo ba ay nagtuturo gamit ang isang daliri para ipakita sa iyo ang isang bagay na nakakuha ng kaniyang interes? (Halimbawa, pagturo sa eroplano sa himpapawid o sa isang malaking trak sa kalye)                                                                            | Oo | Hir |
| 3  | Ang anak mo ba ay interesado sa ibang bata! (Halimbawa, siya ba ay nanonood ng ibang bata, ngumingiti sa kanila, o lumalapit sa kanila?)                                                                                                                                            | Oo | Hir |
| 3  | Nagpapakita ba sayo ng mga bagay ang iyong anak sa pamamagitan ng pagdala ng mga ito sayo o paglapit ng bagay na ito sa iyong paningin - Hindi para humingi ng tulong kung hindi para ibigay ito sayo? (Halimbawa, pagpapakita sa iyo ng bulaklak o laruang animal o laruang trak?) | Oo | Hir |
| 0  | Sinasagot ka ba ng iyong anak kapag tinawag mo ang kaniyang pangalan? (Halimbawa, siya ba ay titingin, magsasalita o gagamitin ang boses para may magawang ingay, o ititigil ang kaniyang ginagawa kapag tinawag mo ang pangalan niya?)                                             | Oo | Hir |
| 1  | Kapag ngumiti ka sa anak mo, siya ba ay ngumingiti pabalik sa iyo?                                                                                                                                                                                                                  | Oo | Hir |
| 2  | Naiinis o naiirita ba siya sa mga pang-araw-araw na ingay? (Halimbawa, umiiyak o humihiyaw ba ang anak mo sa ingay gaya ng vacuum cleaner o malakas na musika?)                                                                                                                     | Oo | Hir |
| 3  | Naglalakad ba ang iyong anak?                                                                                                                                                                                                                                                       | Oo | Hir |
| 4  | Tintignan ka ba ng anak mo sa mata kapag kinakausap mo siya, o nilalaro, o binibihisan?                                                                                                                                                                                             | Oo | Hir |
| 5  | Sinubukan ba ng anak mo na gayahin ang mga ggnagawa mo? (Halimbawa, pag kaway ng kamay ng paalam, o paggawa ng nakakatawang ingay tulad ng sayo)                                                                                                                                    | Oo | Hir |
| 6  | Kapag lumuong ka para tignan ang isang bagay, ang anak mo ba ay lilingon rin para makita ang iyong tinitignan?                                                                                                                                                                      | Oo | Hir |
| 7  | Sinubukan ba ng iyong anak na kunin ang iyong atensyon para panoorin siya? (Halimbawa, tumitingin ba siya sa iyo para purihin mo siya, o sinasabi ba niyang "panoorin mo ako"?)                                                                                                     | Oo | Hir |
| 8  | Naiintindihan ba ng anak mo kapag may inuutos ka sa kanya? (Halimbawa, kapag hindi ka nagtuturo, maiintindihan ba niya ang "ilagay mo ang libro sa iba se ng upuan" o ang "dalhin mo sa akin ang kumot"?)                                                                           | Oo | Hir |
| 9  | Kapag may bagong pangyayari, tinitignan ba ng anak mo ang mukha mo para makita niya kung ano ang nararamdaman mo tungkol dito? (Halimbawa, kapag may narinig siyang kakaiba o nakakatawang ingay, o kapag may nakita siyang bagong laruan, titignan ba niya ang mukha mo?)          | Oo | Hir |
| 10 | Mahilig ba ang iyong anak sa mga gawaing nangangailangan ng kilos at galaw? (Halimbawa, kapag dinuduyan o tinatalbog sa tuhod mo)                                                                                                                                                   | Oo | Hir |